Mensahe Tatlo

## Ang Karanasan ni Job sa Pang-uubos at Pagbabalat ng Diyos sa Lumang Tipan, Malayong-malayo Kumpara kay Pablo sa Bagong Tipan

Babasahin sa Kasulatan: Job 3:1; 2 Cor. 4:10-12, 16-18; Fil. 1:19-25; 4:4

**I. Si Job ay naligalig, nalito, at nagulumihanan nang lubos dahil sa pagdurusa niya ng mga sakuna na sumapit sa kanyang mga ari-arian at sa kanyang mga anak, at sa salot sa kanyang katawan, sa kabila ng kanyang kasakdalan, pagkamatapat, at integridad:**

A. Nang isinumpa ni Job ang araw ng kanyang kapanganakan, katumbas ng pagsumpa sa kanyang ina, tiyak na hindi siya sakdal at matapat, ni hindi niya pinanghawakan ang kanyang integridad; sa halip, siya ay naging bagsak sa integridad—Job 3:1.

B. Ang intensyon ng Diyos ay ang gibain ang natural na Job sa kanyang kasakdalan at pagkamatapat upang maitayo Niya ang isang napabagong Job sa kalikasan at mga kagalingan ng Diyos upang gawin si Job na isang tao ng Diyos, na nabuuan ng Diyos ayon sa Kanyang ekonomiya; ang gayong tao (gaya ni Pablo) ay hindi kailanman magugulumihanan ng anumang mga kaguluhan at mga suliranin hanggang sa puntong sumpain ang kanyang kapanganakan at gugustuhing pang mamatay kaysa mabuhay—Fil. 1:19-25; 4:5-9.

C. Si Job ay namumuhay sa kanyang ekselenteng nakaraan at naghihinagpis sa kanyang kaawa-awang kasalukuyan (Job 29:1—30:31); mapilit niyang pinanghawakan, at pinagmamapuri pa nga, ang kanyang pagkamatapat, katuwiran, integridad, at kasakdalan (27:1-7; 31:1-40):

1. Si Pablo, gayunman, ay nag-ensayo na kalimutan ang mga bagay na nasa nakalipas na upang tamuhin ang kasalukuyang “ngayong Kristo” sa sukdulan—Fil. 3:8, 13-14.
2. Higit pa rito, si Pablo ay hindi isang tao ng kahapon kundi isang tao ng ngayon (Heb. 3:7-8, 15; Awit 95:7-8); huwag nating tingnan ang hinaharap at huwag nating lingunin ang nakaraan; tayo ay mga tao ng ngayon (Mat. 6:11, 33-34; Luc. 19:9-10; 23:43).
3. Ang Kristong ating iniibig ay ang Kristong ngayon, at ang Kristong nasa trono sa mga kalangitan, na siyang ating pang-araw-araw na kaligtasan at tustos sa bawat sandali, sinusustina tayo upang makapamuhay ng isang makalangit na buhay sa lupa—Mat. 28:20; 1 Ped. 1:8; Heb. 8:2; 4:14-15; 7:26; 2 Cor. 6:2; Roma 5:10.
4. Kapag tayo ay lubusang naging ang Bagong Herusalem, magkakaroon tayo ng ngayon yamang ang araw-araw sa walang hanggan ay ngayon; ang tanging araw na mayroon tayo ay ngayon, hindi bukas.

D. Sa pamamagitan ng kanyang walong beses na pagsasalita sa kanyang tatlong kaibigan, inihantad ni Job ang kanyang sarili bilang isang taong may mga sumusunod na katangian:

1. Si Job ay matuwid sa sarili (Job 6:30; 9:20; 27:5-6; 32:1); siya ay nabulag ng tagumpay at mga naabot ng kanyang natural na katauhan, nakontento sa kung naging ano siya, subalit hindi batid ang kanyang kaawa-awang sitwasyon sa harap ng Diyos (cf. Fil. 3:9; Apoc. 3:17-18).
2. Kinilala ni Job ang Diyos sa pangalan ngunit hindi sa realidad; siya ay hindi nababaran ng Diyos, napunuan ng Diyos, at naihalo sa Diyos upang maging kaisa ng Diyos—Awit 92:10; Lev. 2:4-5; Roma 8:16; 2 Tim. 4:22; 1 Cor. 6:17; Efe. 3:19; 5:18, 26; Heb. 2:10-11.
3. Si Job ay hindi nagtaglay ng anumang elementong nagpahiwatig ng ilang aspeto at ilang katangian ng Bagong Herusalem bilang ang organismo ng Diyos upang ipamuhay ang Diyos at ihayag ang Diyos sa walang hanggan; sa kabaligtaran, ang pangalan ng Diyos, ang pangalan ng Bagong Herusalem, at ang pangalan ng Panginoon ay nakasulat sa mandaraig, nagpapahiwatig na kung ano ang Diyos, ang kalikasan ng Bagong Herusalem, at ang persona ng Pangninoon ay pawang naisagawa tungo sa mandaraig—Apoc. 3:12.

E. Hindi alam ni Job ni ng kanyang mga kaibigan ang layunin ng pagtutuos ng Diyos sa kanya, hindi gaya ng pagkaalam ni apostol Pablo sa pagdedeklara sa mga Bagong Tipang mananampalataya na ang mga dalamhati na dinaranas ng mga mananampalataya ay gumagawa para sa kanila ng isang walang hanggang bigat ng kaluwalhatian, na siyang ang Diyos ng kaluwalhatian upang maging kanilang maluwalhating bahagi upang kanilang matamo at matamasa hanggang sa walang hanggan—2 Cor. 4:17.

F. Kung gumugol ng panahon si Job at ang kanyang mga kaibigan upang hanapin ang Diyos na may espiritu ng kapakumbabaan at sa pamamagitan ng pag-eensayo ng kanilang espiritu na may panalangin (Isa. 57:15; 66:2; Col. 4:2), ipinakita sana sa kanila ng Diyos na ang isang naisilang na muli, natransporma, at naluwalhating banal sa loob ni Kristo ay walang kinalaman sa natural na tao at hindi kailangang itaguyod ang kanyang sarili kasama ng mga natural na katangian.

G. Ang makalangit na pangitaing ito ang makapagliligtas sana sa kanila mula sa mga nakakaaksaya ng oras, dagdag-pasakit, at walang katuturang debate sa tatlumpu't limang kapitulo bilang isang talâ ng isang grupo ng mga bulag na taong nangangapa sa dilim; pinag-usapan nila ang tungkol sa Diyos at gayundin tinukoy ang kanilang espiritu (Job 32:8), subalit inensayo nila ang kanilang kaisipan sa tatlong ulit na mahabang debate sa halip na mag-ensayo ng kanilang espiritu upang manalangin para kay Job at upang magsalamuha sa isa't isa upang mahipo nilang lahat ang Diyos at matanggap ang Diyos bilang kanilang buhay, liwanag, at espiritwal na tustos:

1. Kung magkakaroon tayo ng mga buhây na grupo, dapat tayong mabalaan ng mga usapang ito sa aklat ng Job; ang grupong nakikita natin sa aklat ng Job ay nagbibigay sa atin ng negatibong halimbawa; ito ang uri ng panggrupong pagpupulong na hindi natin dapat taglayin sa buhay-ekklesia ngayon; ang unang bagay na dapat nating gawin kapag tayo ay nagsasama-sama ay ang ensayuhin ang ating espiritu upang manalangin; ang mga buhây na grupo ay mga grupo ng buhây na panalangin—cf. Gawa 12:5, 11-12; Heb. 10:24-25; 3:13.
2. Ang mga grupo ay buhây sa dalawang espiritung ito—buhây sa ating pantaong espiritu at buhây sa dibinong Espiritu ng Diyos; ang buhay-Kristiyano ay isang buhay ng napasukdol na Espiritu bilang ang pagpapasukdol ng Tres-unong Diyos na nananahan sa loob at naihalo sa ating naisilang na muling espiritu upang maging isang espiritu—Juan 4:24; Roma 8:16; 1 Cor. 6:17; Gal. 3:14; 6:18.
3. Kailangan nating matutong hipuin ang dibinong Espiritu sa ating espiritu; ito ang intrinsikong kahulugan ng buhay-Kristiyano at gawain; ito ang pagkilos ng Diyos sa tao at ang pagkilos ng tao sa Diyos upang isakatuparan ang Kanyang ekonomiya, ang Kanyang plano, upang ipamahagi ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo bilang ang Espiritu tungo sa loob ng tao upang itayo ang Kanyang Katawan at ihanda ang Kanyang kasintahang babae upang pasukdulin ang Bagong Herusalem—2 Cor. 2:13; Fil. 3:3; Roma 1:9.
4. Binibigyang-diin ni Pablo sa aklat ng Roma na anuman tayo (2:29; 8:5-6, 9), anumang taglay natin (bb. 10, 16), at anumang ginagawa natin tungo sa Diyos (1:9; 7:6; 8:4; 12:11) ay dapat nasa ating espiritu; dapat tayong mapasakdal at maitayo upang maging mga tao na nasa espiritu; walang ibang paraan upang maging isang mangingibig ng Diyos, upang maging isang naghahanap kay Kristo, o upang maging isang mandaraig maliban sa mapasaloob ng espiritu (Apoc. 1:10; 4:2; 17:3; 21:10).

**II. Ang karanasan ni Job sa pang-uubos at pagbabalat ng Diyos sa Lumang Tipan ay malayong-malayo kumpara kay Pablo sa Bagong Tipan—1 Tim. 1:16:**

A. Ang pang-uubos ng Diyos ay upang sairin tayo, at ang pagbabalat ng Diyos ay upang gibain at alisin ang kabuuan ng ating natural na integridad—ang ating natural na kasakdalan at pagkamatapat sa ating pag-uugali—na humahalili sa ating pamumuhay kay Kristo upang ihayag si Kristo—Fil. 1:19-20; 3:4-9a.

B. Araw-araw at oras-oras, si Job ay malungkot habang inuubos, subalit sa Bagong Tipan, ang pang-uubos at pagbabalat ng Diyos ay nagiging mga kaaya-ayang bagay; simula nang siya ay nagbagong-loob, si Pablo ay isang tao na nasa ilalim ng pang-uubos at pagbabalat ng Diyos bilang isang bilanggo sa Panginoon, subalit siya ay masaya at nagagalak—Gawa 9:15-16; 2 Cor. 4:16; Fil. 1:19-21a; Efe. 3:1; 4:1; Fil. 1:4, 18, 25; 2:2, 17-18, 28-29; 3:1; 4:1, 4.

C. Si Pablo ay naipako kasama ni Kristo; ang maipanganak na muli sa pamamagitan ng pagkatapos at pagsibol ay ang maisilang na muling nakapako (Juan 3:5; Roma 6:4; Col. 2:12); tayo, gaya ni Pablo, ay naipanganak na muling nakapako para sa layunin na simula sa oras na iyon ay hindi na tayo ang nabubuhay bagkus si Kristo na ang nabubuhay sa atin (Gal. 2:20).

D. Ngayon sa ating buhay-Kristiyano tayo ay namamatay upang mabuhay (b. 20; 1 Cor. 15:31, 36; Juan 12:24; 2 Cor. 4:11); ang namamatay upang mabuhay ay ang wastong kahulugan ng pagpasan ng krus (Mat. 16:24-26; *Mga Himno,* #622).

E. Sa kanyang karanasan ng pang-uubos at pagbabalat ng Diyos, si Pablo ay hindi napigilan ng mga panggigipit sa bawat panig at hindi napahamak sa kabila ng pagbabagsak sa kanya; hindi sinumpa ni Pablo ang araw ng kanyang kapanganakan, at hindi niya mas ginustong mamatay sa halip na mabuhay; sa kabaligtaran, pagkatapos ang maraming pagsasaalang-alang ay sinabi ni Pablo na gugustuhin niyang mabuhay para sa pag-unlad ng mga banal (ang kanilang paglago sa buhay) at para sa kanilang kagalakan ng pananampalataya (ang kanilang katamasahan kay Kristo)—2 Cor. 1:8-9; Gal. 2:20; Fil. 1:21-25.

F. Nang nagdurusa si Pablo ng mga pagkabagabag alang-alang kay Kristo (2 Cor. 12:10), siya ay lubhang nalugod, siya ay masaya, at siya ay nagagalak sa loob ng Panginoon para sa kanyang mga karanasan (Col. 1:24; Fil. 2:17-18).

G. Ninais ni Pablo na makilala si Kristo, ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli, at ang salamuha ng Kanyang mga pagdurusa upang maiwangis sa kamatayan ni Kristo (3:10); kinuha niya ang kamatayan ni Kristo bilang hulmahan para sa kanyang buhay, at dakilang kaluguran niya na maihulma sa kamatayan ni Kristo.

H. Dinakila ni Pablo si Kristo sa pamamagitan ng pamumuhay sa Kanya, maging sa buhay o sa kamatayan, sa pamamagitan ng masaganang tustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo; nang likhain ng Diyos ang tao, ito ang uri ng buhay na ninais Niyang ipamuhay ng tao—1:19-21a; Gen. 1:26.

I. Sinabi ni Pablo na lagi niyang dinadala sa kanyang katawan ang paglalagay sa kamatayan, ang pagpatay, ni Hesus at nailalagay tungo sa kamatayan alang-alang kay Hesus upang ang buhay ni Hesus ay maipamalas sa kanyang mortal na laman; kapag tayo ay nasa ilalim ng pagpatay ng kamatayan ng Panginoon, ang Kanyang pagkabuhay na muli ay naipapamahagi sa pamamagitan natin tungo sa iba—2 Cor. 4:10-12:

   1. Ang paglalagay sa kamatayan ni Hesus sa ating kapaligiran ay nakikiisa sa nananahanang Espiritu upang patayin ang ating natural na tao (ang ating panlabas na tao), kinabibilangan ng ating katawan at ng ating kaluluwa; habang ang ating panlabas na tao ay natutupok sa pamamagitan ng pumapatay na gawain ng kamatayan, ang ating panloob na katauhan ay napababago araw-araw ng sariwang tustos ng pagkabuhay na muling buhay—b. 16.
   2. Sinabi ni Pablo na siya ay namamatay araw-araw (1 Cor. 15:31); araw-araw ay nanganganib siyang mamatay, hinaharap ang kamatayan, at namamatay sa sarili (2 Cor. 11:23; 4:11; 1:8-9; Rom. 8:36).
   3. Ang pag-aaplay ng kamatayan ni Kristo at ang bisa nito ay nasa timpladang Espiritu, na nananahan sa ating espiritu upang ipamahagi ang kamatayan ni Kristo at ang bisa nito mula sa ating espiritu tungo sa ating kaluluwa at maging sa ating mortal na katawan—Exo. 30:22-25; Roma 8:6, 9-11.
   4. Ang pamamahaging ito ay ang pagpapahid (1 Juan 2:20, 27), at ang pagpapahid ay ang pagkilos ng nananahang Espiritu; ang ating panalangin ang nagpapagana sa pagkilos ng

nananahang Espiritu, at sa loob ng pagkilos na ito, ay naroon ang pumapatay na kapangyarihan.

J. Sa kanyang karanasan sa pang-uubos at pagbabalat ng Diyos, sinabi ni Pablo na ang panandaliang kagaanan ng dalamhati ay nagsasagawa sa atin, nang higit at higit na lumalampas, ng isang walang hanggang bigat ng kaluwalhatian; ang *walang hanggan* ay kabaligtaran ng *panandalian,* ang *bigat* ay kabaligtaran ng *kagaanan,* at ang *kaluwalhatian* ay kabaligtaran ng *dalamhati*—2 Cor. 4:16-17; Roma 8:28-29.

K. Isinaalang-alang ni Job ang kanyang pagdurusa ng dalamhati na isang bagay na napakabigat, subalit isinaalang-alang ni Pablo ang kanyang dalamhati na panandalian at magaan; sa halip na intindihin ang tungkol sa ating dalamhati, kailangan nating intindihin ang paglaki ng Diyos bilang ang bigat ng kaluwalhatian sa loob natin sa pamamagitan ng ating pagiging natatransporma mula sa isang antas ng kaluwalhatian tungo sa isa pa; hangga't nagtataglay tayo ng higit na Diyos sa loob natin, ito ang tunay na mahalaga—Gawa 7:2; 2 Cor. 3:18; Col. 2:19:

1. Gaya ni Pablo, tayo ay nasa isang kapaligiran na may pagdurusa at panggigipit na gumagawang kasama ng Espiritu upang patayin ang ating natural na tao; dapat tayong makiisa sa nananahanang Espiritu at tanggapin ang panlabas na kapaligiran sa ating espiritu, kaluluwa, at katawan, sapagkat hindi natin itinuturing ang mga bagay na panandaliang dalamhati na nakikita kundi ang mga bagay ng walang hanggang kaluwalhatian na hindi nakikita—Fil. 1:19-20; 2 Cor. 4:18; Heb. 11:1, 27; 2 Cor. 5:7.
2. Kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu upang magalak sa gitna ng ating pumapatay na kapaligiran (Fil. 4:4); ang pagkasoberano ng Panginoon ay gumagawa upang ilagay tayo sa ilalim ng pagpatay ng kamatayan ni Kristo upang ang Kanyang buhay ay maipamalas sa ating katawan sa pagpapabago ng ating panloob na tao upang gawin tayong kasimbago ng Bagong Herusalem (2 Cor. 4:10-12, 16; 5:17; Gal. 6:15; Apoc. 21:2, 5, 10).

*© 2020 Living Stream Ministry*